

Quick Tips sa Overtime at Work Week Limit para sa mga Individual Provider

Ang work week ay:

- 12:00 a.m. ng Linggo (hating-gabi) hangnag 11:59 p.m. ng Sabado.
- Maaring i-cross ng work week ang mga panahon ng pagbabayad.
- Maaring i-cross ng work week ang mga buwan.

Sunday	Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	
15 6	July 16 6	17 6	18 6	19 6	20 5	21 5	40
THIS WEEK CROSSES 2 PAY PERIODS →							
22 5	23 5	24 6	25 6	26 6	27 6	28 6	40
THIS WEEK CROSSES 2 MONTHS AND 2 PAY PERIODS →							
July 29 5	30 5	31 6	Aug 1 6	2 6	3 6	4 6	40
THIS WEEK CROSSES 2 MONTHS AND 2 PAY PERIODS →							

Hindi ka makakatanggap ng mga aksyon sa kontrata para sa pagtatrabaho ng higit sa iyong work week limit para sa:

- Kinakailangang pagsasanay ng DSHS
- Aprubadong Oras ng Paglalakbay
- Administratibong Oras
- Bayad na Time Off (PTO)

Paano ko maiiwasan ang mga aksyon sa kontrata?

- Laging planuhin ang iyong iskedyul ng trabaho bago magsimula ang work week at isulat ito.
- Kung ang mga pangangailangan ng kliyente ay magbago at kailangan mong magtrabaho ng ibang iskedyul na nakakaapekto sa iyong work week limit, makipag-ugnay agad sa tagapamahala ng kaso ng kliyente.
- Itala ang iyong oras ng trabaho sa iyong time-sheet pagkatapos ng bawat araw na nagtatrabaho ka, maaaring makatulong din na isulat ito sa isang kalendaryo na papel. Suriin nang madalas upang siguraduhin na nananatili ka sa iyong work week limit.
- May mga mapagkukunan ang DSHS na magagamit upang makatulong sa iyo at sa iyong employer/kliyente na malaman ang higit pa tungkol sa pangangasiwa ng iyong iskedyul upang manatili sa loob ng iyong work week limit. Magagamit ang mga mapagkukunang ito sa www.dshs.wa.gov/altsa/IPOT.

Gaano katagal manatili sa aking file ng kontrata ang aksyon ng kontrata?

- Ang bawat aksyon ng kontrata ay mananatili sa iyong file ng 12 buwan mula sa petsa sa itaas ng abiso ng aksyon sa kontrata. Pagkatapos ng 12 buwan, sarado ang aksyon ng kontrata.

Ang buwan na tinukoy sa mga aksyon sa kontrata o liham na natanggap ay buwan ng pagbabayad:

- Kung ang liham ay nagsasaad na "para sa mga oras na binabayaran sa buwan ng Abril," ang mga oras na nagtrabaho ay maaaring kasama ang mga oras na nagtrabaho sa buwan bago ng (Marso).
- Makipag-ugnay sa tagapamahala ng kaso kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa buwan na labis mong na-claim.